
# Sistema ng Referendum sa siyudad ng Kawasaki




Ang sistema ng Referendum ay itinatag upang makumpirma ang pagsang-ayon o hindi pagsang-ayon ng mga mamamayan sa mahahalagang bagay kaugnay sa pangangasiwa ng munisipiyo.

## Ano ang tatalakayin sa Referendum?

- Mga bagay na maaring magkaroon ng malaking epekto sa kabuhayan ng mga mamamayan sa kasalukuyan o sa hinaharap; at
- Mga bagay na kinakailangan upang makumpirma o masiguro ang pagsang-ayon o hindi pagsang-ayon ng mga mamamayan sanhi ng pagkakaiba ng opinyon sa panig ng City Assembly, ng Alkalde o Mayor at mga mamamayan mismo.

  Kailangang maisagawa o maipatupad ang dalawang requirements na nabanggit sa itaas.

  Subalit kahit na naisagawa o naipatupad ang mga requirements na ito, may mga bagay na itinakda sa ordinansa na maaring hindi isali, tulad ng mga bagay ukol sa pagsagawa ng Referendum.

## Sino ang maaring bumoto? (May karapatang bumoto)

Ang sinumang nasa edad na 18 taong gulang o higit pa, tuloy tuloy na nakatala sa Basic Resident Register (Juumin Kihon Daicho) ng siyudad sa loob ng 3 buwan at higit pa, at pumapailalim sa sumusunod na kategorya.

- May Japanese nationality.
- May ibang nasyonalidad ngunit isang permanent resident, special permanent resident o kaya naman ay mayroong visa upang manirahan sa Japan at nakatala sa basic resident register ng 3 taon at higit pa (Subalit, tungkol sa panahon ng pagpapatala sa basic resident register, ang panahon ng pagkakaroon ng Certificate of Alien Registration o Alien Card bago pa dumating ang Hulyo 8, 2012 isasama sa bilang.)

  Subalit, ang sinumang pinagbabawalang bumoto sa ilalim ng Public Offices Election Act (kasali ang mga dayuhang pinagbabawalang bumoto sa batas) ay hindi maaring bumoto.

## Sino ang maaring magsagawa ng Referendum?

- Tatlong panig – ang residente o naninirahan, ang Assembly at ang Alkalde – ang maaring magsagawa ng Referendum.
  * Maaring hilingin ng mga residente (pinapayagang bumoto) ang tulong ng Alkalde upang isagawa ang Referendum sa pamamagitan ng pagkolekta ng mga pirma na higit sa one-tenth ng kabuuan ng mga eligible voters. Matapos makuha ang mga pirmang ito at pagkatapos maibigay ang petisyon para sa Referendum, ikukunsulta ito ng Alkalde sa Assembly (kapag ang Alkalde mismo ang nagpatawag ng Referendum, siya ang kukunsulta sa Assembly.)

## Bilang patakaran, ang Referendum ay isinasagawa sa araw mismo ng eleksiyon.

Ang araw ng pagboto ay kasabay ng eleksiyon na isasagawa sa loob ng siyudad 60 araw matapos ang araw ng pagpapahayag sa pagtanghal ng referendum.
 * Kung sakaling may mahalagang dahilan o pangangailangan, maaring isagawa ng bukod ang Referendum.

## Paano at saan maaring bumoto?

- Bilugan kung "Sumasang-ayon" o "Hindi sumasang-ayon" sa loob ng balota at isagawa ang pagboto.
- Ang Absentee Ballot at ang Early Voting ay pupuwede mula sa sumunod na araw ng pagpahayag ng araw ng botohan hanggang sa araw bago isagawa ang botohan. Bukod pa rito, ang mga taong may kapansanan at iba pang nangangailangan ng espesyal na tulong ay maaring bumoto sa pamamagitan ng Braille Ballot o ipagawa ito sa isang proxy o katiwala.
- Para sa pagboto, pumunta sa itinakdang Polling Station.

## Para sa maiging pagkakaintindihan ng lahat.

Upang madaling maintindihan ng lahat. Ipinagkakaloob ng siyudad ng Kawasaki sa mga eligible voters ang malinaw at walang kinikilingang impormasyon na kakailanganin para isagawa ang pagdesisyon sa oras ng pagboto.

## May mga patakaran o alituntunin ang Referendum Act.

- Sa ilang natatanging kaso, tulad ng pagkatapat nito sa panahon ng eleksiyon, hindi maaring isagawa ang mga Referendum activities.
- Mga gawaing ipinagbabawal ng ordinansa, tulad ng pakikialam sa malayang pagdesisyon ng mamamayan sa pamamagitan ng pagsuhol o pagbigay ng pera, pananakot at iba pang mga gawaing labag sa batas.

## Ang resulta ng botohan ay iginagalang at magkakaroon ng tinig sa pagsagawa ng mga desisyon para sa pamamalakad ng munisipyo ng siyudad.

Igagalang ng Assembly at ng Alkalde ang magiging resulta ng botohan.

Colors, Future!
いろいろって、未来。
川崎市

Para sa mga katanungan, sumangguni sa:
川崎市市民文化局コミュニティ推進部協働・連携推進課
〒210-0007 川崎市川崎区駅前本町11番地2 川崎フロンティアビル7階
TEL:044-200-2094/FAX:044-200-3800
E-mail:25kyodo@city.kawasaki.jp
http://www.city.kawasaki.jp/shisei/category/58-2-0-0-0-0-0-0-0-0.html

タガログ語版